# PARALLAX

Mirick Paala

I.

Hindi madaling kalimutan ang pangalan
ng matandang makakasalubong sa daan.

Hindi mauulit ang masamang panaginip
kung babaligtarin ang unan.

Bago lumabas ng bahay, usalin:
Matthew, Mark, Luke, John

para hindi sapian.
May babaeng nabaliw

nang maligo kahit may dalaw.
May inang nakita ang anak

sa basag na salamin
bago niya nakita ang sarili.

Huwag baligtarin ang damit
kapag naligaw.

Tutuparin ng diwata ang hiling
kapalit ng isang hiling.

Huwag nang lumingon sa pinanggalingan.
Matinik ang daan.

May babaeng hindi magawang
naisin ang magbalik.

II.

Huwag baligtarin ang damit
para hindi sapian.

Bago lumabas ng bahay, usalin:
"May babaeng nabaliw."

Naisin ang magbalik
hindi madaling kalimutan ang pangalan.

Tutuparin ng diwata ang hiling
huwag lang lumingon sa pinanggalingan.

May inang nakita ang anak
sa matandang makakasalubong sa daan.

Matinik ang daan
may babaeng hindi magawang

baligtarin ang unan.
*Matthew, Mark, Luke, John*

kapag naligaw
kapalit ng isang hiling

kapag naligo kahit may dalaw
hindi mauulit ang masamang panaginip—

basag ang salamin
bago pa makita ang sarili.

## ODA SA ESTATWA

Gintong katawang nakaposisyong lotus, laging nakatingin
paibaba o nakapikit, kahit saan pumunta,
ikaw ang nakikita. Ang landas
tungo sa bayan ay pasikot-sikot
na parang bituka samantalang sabik ako
sa laman samantalang nakalahad ang iyong palad
na parang labi ng sisidlang hindi mapuno-puno dahil
gumuguho, naguwang— ang iyong kasaysayan
ay kasaysayan ng digmaan at ng mga natutulog
na bomba. Hinalikan mo
ang aking likuran at gumapang ang iyong halik
tungo sa balikat leeg bibig. Ang iyong mga bisig
parang lubid na hinihila ako palabas
ng katawan, palabas ng kamunduhan kung saan ikaw
ay marahang ambon ang berdeng tubig na pumupuno
sa sisidlan at ako ang asong ligaw at uhaw
nilalapa ang iyong rabaw
at lalim, hindi ako nalulunod

sa desperasyon na tila ilusyon

ang pag-iisa. Obsesyon ang pag-iisa. At ayaw ko

nang matakot sa pagmamahal

kung ito ang magpapadalisay sa lahat

ng pagnanasa— sa iyong templo sa harap ng isang

libong ikaw ako ay lumuluhod.

Itinatali ng monghe ang pisi sa aking kamay.

# DASAL

Dahan-dahan nating pinapaliguan
ang isa't isa. Parang mga mongheng
nagdarasal sa templo. Tigib sa katahimikan
ang bawat galaw. Sinasabon ko ang iyong dibdib.
Binabanlawan mo ang aking likuran.
Ipinipikit ko ang mata. Ramdam mo ba
ang paglusob ko sa katawan at pagsara
ng lahat ng pinto bintana? Pakinggan
ang dausdos ng tubig sa balat
tila pakiusap na mamalagi tayo sa katawang
pinaliliguan ko, pinaliliguan mo.
Hayaan nating umapaw ang tubig sa timba.

## NO EXIT

Nagpapanggap na lumilipad ang nagpapanggap na tagak. Nagpapanggap na musika ang nagpapanggap na siyap. Nagpapanggap na alon at nagpapanggap na dumadaong ang nagpapanggap na barko sa nagpapanggap na pantalan. Kunwaring ibinababa ang nagpapanggap na sako-sako ng nagpapanggap na prutas na nagpapanggap na nanggagaling sa nagpapanggap na kabilang ibayo ng nagpapanggap na karagatan. Kunwaring isasakay sa nagpapanggap na likuran ng nagpapanggap na trak. Kunwaring ihahatid sa nagpapanggap na bayan na kunwaring ilang milya ang layo sa nagpapanggap na pantalan. Kunwaring darating sa nagpapanggap na bagsakan. Kunwaring mag-uunahan ang mga nagpapanggap na mamimili para kunwaring ilako ang mga nagpapanggap na prutas sa kani-kanilang nagkukunwaring pwesto sa nagpapanggap na palengke sa nagpapanggap na gilid ng nagpapanggap na daan nagpapanggap na labas ng nagpapanggap na simbahan nagpapanggap na paaralan nagpapanggap na ospital sakayan nagpapanggap na opisina ng nagpapanggap na pamahalaan. Kunwaring may estrangherong nagpapanggap na bibili ng nagpapanggap na sako ng nagpapanggap na prutas. Nagpapanggap siya na uuwi. Nagpapanggap na bubuksan ang nagpapanggap na pinto. Nagpapanggap na sasalubungin ang nagpapanggap na dilim. Nagpapanggap na ihuhubad ang nagpapanggap na sapatos. Nagpapanggap na bubuksan ang nagpapanggap na ilaw bago magpanggap na didiretso sa nagpapanggap na kusina. Nagpapanggap na huhugasan ang nagpapanggap na prutas. Nagpapanggap na kukunin ang nagpapanggap na kutsilyo. Nagpapanggap na babalatan at nagpapanggap na dahan-dahan na parang nagpapanggap na pinipilas ang nagpapanggap na damit nagpapanggap na balat nagpapanggap na mukha sarili hanggang magpanggap na magkalat at maipon sa nagpapanggap na sahig ang nagpapanggap na pinaghubdan ng nagpapanggap na lahat-lahat ng nagpapanggap na pagpapanggap nagpapanggap na nagpapanggap na pagpapanggap.

# ANG SALAMANGKERO

Tinawag niya kami
para saksihan ang obrang
hindi pa niya pinangalanan
dahil hindi mapangalanan.
Hinubad niya ang itim na sombrero
at siniyasat namin
ang handog. Ibinunyag niya
ang lihim: hindi matatagpuan
ang sagot
sa unang tingin.
Naniwala kami
kaya agad umahon sa dilim
hinanap ang isa't isa
bumaling sa nakasisilaw na ilaw
ng entablado saka hinuli
ang kaniyang tingin.
Hinabol namin ang mga daliring
tinalunton ang labi
ng sombrerong namuwal
sa aming mga matang
nakatitig. Madali naming nilimot
ang hitsura ng isa't isa
ang maaaring paliwanag
sa harap ng dilim.
Lumundag ang kaniyang kamay
sa guwang. Sa hangganang
kami ay mabubulunan
hinugot niya ang sarili
sa aming lalamunan.